


ANG INIHANDA NG KA ERDY PARA SA BUONG IGLESIA BAGO SIYA PAGPAHINGAHIN NG ATING PANGINOONG DIYOS:

## ANG PAGHALAL NG HAHALILING TAGAPAMAHALANG PANGKALAHATAN PAGKAMATAY NIYA

Sa buwan na ito, Enero 2, 2016 ay ginugunita natin ang ika-91 taong kaarawan ng pagsilang ni Ka Erdy. Kailanman ay hindi siya malilimot ng mga tunay at mananampalatayang kapatid dahil nadama nila ang wagas niyang pagmamahal at pagmamalasakit sa Iglesia. Hayag ang katapatan niya sa pagsunod sa mga utos ng Diyos at ng Panginoong Jesucristo, maging sa mga tuntunin at patakarang ipinatupad ng Sugo sa mga huling araw, kung ano ang mga bilin at pasiya, iyon ang kaniyang isinakatuparan. Siya ay lider na napakadaling lapitan kahit ng karaniwang kaanib. Siya'y napaka-maunawain, mahabagin, at handang makinig sa mga mungkahi kahit pa sa mga puna lalo't kung para sa ikabubuti ng Iglesia. Mahigpit siya sa pagpapatupad ng mga aral ng Diyos, maging ng mga tuntunin at mga patakaran, nagpataw ng disiplina sa sinumang nagkamali o nagkasala, kahit pa sa mga katuwang niya sa pamamahala, sa mga ministro't manggagawa, at sa mga may tungkulin pero hindi nawala ang pag- ibig at pang-unawa. Nami-miss siya ng mga mananampalatayang kapatid lalo na ng mga nakasaksi sa kaniyang mabisa at makapangyarihang pamamahala sa Iglesia.

Sa kabilang dako ay may mga kapatid ngayon na kung gumugunita man ay pakitang tao na lamang, huwag lang masabing hindi gumunita, pero hindi nagagawa ang makabuluhang paggunita sa kaniya. Sila iyong mga kapatid na hindi na halos inabot ni kinalakhan ang panahong namahala si Ka Erdy kaya wala silang matandaan tungkol sa kaniya. Bukod doon ay may nakakaimpluwensiyapa sa kanila na ang kaisipan ay ang limutin ang mga alaala tungkol kay Ka Erdy. Ang katunayan nito, ultimo ang mga memorabilia o anumang bagay na magpapaalala tungkol kay Ka Erdy at sa mga nagawa niya sa Iglesia ay pilit na itinatago, sinisira at itinatapon sapagka't tila nagsisilbing multo ang mga ito sa kanila. Hindi rin kataka- taka ang nangyayari ngayon na panggigipit, pag-uusig, paninirang-puri at pagtatakwil sa naiwang pamilya niya sapagka't sila ang nabubuhay na ala-ala ni Ka Erdy. Anopa't ayaw ng kasalukuyang "Pamamahala" at ng mga taong

nakapaligid sa kaniya na maalala man lamang ng mga kapatid si Ka Erdy. Ni ayaw ngang ipadalaw sa mga kapatid ang labi niya. Kabaligtaran ang ginawa ni Ka Erdy noong ang Sugo ay pumanaw. Ano ba ang magagawa pa ng taong patay? Mahihinuha tuloy na may feeling of insecurity o nate-threaten ang kasalukuyang "Namamahala" sa yumaong Tagapamahalang Pangkahalatan gayong siya'y patay na. Maaaring hindi ito aminin pero sa bibig na rin nila nanggaling na iba na ngayon, sila na ang Namamahala sa Iglesia. Ipanahihiwatig na dapat nang kalimutan ang dating Namahala at ang mga nagawa niya at kailangan nang mag-move on. Dapat mapagtanto ng mga nasa "Pamamahala" ngayon na ang paggalang at paghanga ng mga kapatid kay Ka Erdy ay hindi na mawawalis ninuman sa mga tunay na Iglesia ni Cristo, nakatatak na iyon sa kanilang puso't isipan. Ang paghanga at paggalang ay inaani, kaya maling ipagpilitan.

Marami pa sanang magagandang bagay na maaaring sabihin tungkol kay Ka Erdy at sa uri ng kaniyang naging pamamahala sa Iglesia, lamang ay mayroong isang paksang napakahalagang talakayin o pag-usapan sapagka't may malaking kinalaman ito sa krisis na bumabalot sa Iglesia ngayon. Pagtiyagaan ninyong basahin at pakalimiin.

Lingid sa kaalaman ng buong Iglesia na may **BILIN O PASIYA** si **Ka Erdy** noong **2007** at nasundan pa noong **2008** na **maghalal ng hahaliling Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia kapag wala na siya.**Ang biling iyon ay batid ni Ka Eduardo at ng Sanggunian subalit **sa halip na isakatuparan ay sadyang inilingid nila sa buong Iglesia.**

Ito ang isang malaking dahilan kung bakit ang Iglesia ngayon, bagaman may **"Namamahala"** naman ay nililigalig ng napakaraming suliranin na sa halip na malunasan ay lalo pang lumalala. Ang lalong nakalulungkot tila hindi siya pinuna ni pinaalalahanan man lamang ng mga ministrong katuwang niya na nakakaalam din ng bilin o pasiyang iyon, o sabihin pang may pumuna o nagpaalala, pero hindi niya pinakinggan. **Ang biling iyon ay napakatibay sapagka't hindi lamang sinalita ni Ka Erdy kundi iyon ay may kaukulang mga kasulatan o dokumento. Ang mga dokumentong iyon ay notaryado at rehistrado pa sa Securities and Exchange Commission.** Iyon ang **2007 Amended By-Laws at ang 2008 Amended Articles of Incorporation ng Iglesia ni Cristo (Church of Christ).** Maari itong beripikahin sa opisina ng Legal Department ng Iglesia. Kung ipagkakait nila ito ay maaaring sa Securities and Exchange Commission na magberipika.

Sa pamamagitan ng paglalahad na ito ay mabibigyan ng kabatiran ang mga kapatid sa Iglesia tungkol sa napakaselang isyung ito na dapat harapin at pagtuunan ng pansin hindi lamang ng mga naminununo, kundi ng lahat mga kaanib sa Iglesia sapagka't ang bawa't isa'y nadamay sa mga suliraning ibinunga ng pagpapawalang-halaga ng kasalukuyang **"Namamahala"** sa biling ito ng Ka Erdy. Ganito ang itinatandhana sa **section 4 ng Amended By- Laws** (may petsang Enero 25, 2007) na siya ring itinatadhana sa **section 8 ng Amended Articles of Incorporation** (may petsang Abril 23, 2008)**:**

> **That in the case of vacancy in the office of the Executive Minister or Presiding Elder, The Church Council shall convene and determine by election who shall be the successor.** However, the incumbent Executive or Presiding Elder may convene the Church Council for the purpose of electing or choosing who shall be his successor. The vacancy in the office of the Deputy Executive minister shall be filled by a recommendation from the majority of the Church Council, and such recommendation shall be approved by the Executive Minister / Presiding Elder.

incdefenders.org

HINDI NASUNOD ANG BILIN NG KAPATID NA ERANO G. MANALO

Ano ang katunayang winalang halaga ni Ka Eduardo ang biling iyon ni Ka Erdy? Agad siyang nag-**assume** ng kapangyarihan bilang Tagapamahalang Pangkalahatan pagkamatay ni Ka Erdy noong **Agosto 31, 2009** nang **hindi na nagsagawa ng eleksiyon sa halip ay pinawalang-bisa ang mahalagang biling iyon**. Upang ipawalang-bisa ang biling iyon, noong **Setyembre 7, 2009** pagkatapos na mailagak ang labi ni Ka Erdy sa kaniyang libingan, ay **agad pinaasikaso ni Ka Eduardo sa head ng Legal Department ng Iglesia, kay Attorney Restituto Lazaro angpagpapawalang-bisa sa dokumentong kinasusulatan ng bilin.** Iyon naman ang dagliang ginawa ni attorney Lazaro kaya noong **Setyembre 11, 2009** ay nag-filesiya ng panibagong **SEC Registration**na doon aybinuhay ang **1994 Articles of Incorporation** na naamiyendahan na noong **2007** at **2008**. Sa **1994 Articles of Incorporation nga naman ay may isinasaad na may isinagawa nang eleksiyon ang General Councilng Iglesia at ang nahalal na deputy Executive Minister at Successor ni Ka Erdy ay si Ka Eduardo**.

Ang nakapagtataka kay Attorney Lazaro, na isa ring ministro, bakit hindi niya tinindigan ang nilalayon at itinatadhana ng **2007** at **2008ammendments** gayong batid niyang bilin o pasiya iyon ni Ka Erdy, na may pagsang- ayon pa ng **General Council** ng Iglesia. **Ang katunayang ang biling iyon ay may pagsang-ayon ng mga bumubuo sa General Council ay mayroon silang nilagdaang salaysay upang patotohanan iyon, noong Enero 25, 2007.** Dalawa lamang ang nakalagda sa **2009 SEC Registration, sina Ka Eduardo at attorney Lazaro, wala pong lagda ang mga miyembro ng General Council ng Iglesia, nangangahulugang wala silang consent sa ginawang pagbabagong iyon na ipawalang-bisa ang bilin ni Ka Erdy.**Isang palaisipan kung bakit naihalal na si Ka Eduardo bilang deputy Executive Minister at Successor ng Tagapamahalang Pangkalahatan noong 1994 at napanumpa na ay NAGBILIN PA RIN SI KA ERDY NOONG 2007 AT 2008 NA MAGDAOS NG ELEKSIYON PARA SA HAHALILING TAGAPAMAHALANG PANGKALAHATAN **PAGKAWALA NA SIYA**. **Hindi ba nahihinuha sa pangyayaring iyon na may mensaheng nais iparating ang Ka Erdy sa buong Iglesia? Malinaw na ipinahihiwatig niyaon na nabigo si Ka Erdysa inaasahan niya kay Ka Eduardo, sapagka't kung siya'y nakatugon at napatunayan niyang karapat-dapat siyang maging kahalili niya bilang Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia, di sinsana'y pinamalagi na lamang ni Ka Erdy ang 1994 SEC Registration at hindi na niya ito pina- amiyendahan.**

**Kung ang iniisip ni Ka Eduardo ay tiyak namang siya rin ang pagkakaisahang iboto ng bumubuo sa General Council kaya hindi na niya itinulot na isagawa pa ang eleksiyon pagpanaw ni Ka Erdy. HINDI KATUWIRAN IYON UPANG HINDI SUNDIN ANG BILIN. Ang pagsunod ba sa naunang Namahala ay habang buhay lang siya, kung pumanaw na ay maaari nang bale-walain ang mga bilin at pasiya niya? Kung tunay na napasakop si Ka Eduardo sa pamamahala ni Ka Erdy, na iyon naman ang ipinangako niya noong si Ka Erdy ay nabubuhay pa, bakit hindi niya sinunod ang bilin? Dahil ba sa pumanaw na si Ka Erdy ay kasama nang nawalan na rin ng bisa ang mga bilin o pasiya niya?**

**Sapagka't hindi naman dumaan sa proseso ng eleksiyon ang pagiging "Tagapamahalang Pangkalahatan" ni kapatid na Eduardo, batay sa hinihing ng Amended 2007 By-Laws at 2008Amended Articles of Incorporation tama bang kilalanin siya na lehitimong Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia ni Cristo ngayon?**

incdefenders.org

Mga kapatid, hindi ba ninyo ipinagtataka na may umaakto namang **“Namamahala”** ngayon sa Iglesia, pero nagkaganito ang Iglesia? Dati’y buo, matatag na nagkakaisa at nagmamahalan ang mga magkakapatid, ngayon ay nagkakawatak-watak na, nag-aaway-away,

at bilad na bilad na ang Iglesia sa kahihiyan samantalang dati ay hinahangaan at pinagpipitaganan? Diyata’t kung kailan pa sumapit ang sentenaryo ng Iglesia, at ngayon nga ay patungo na sa ika-102 taon ng pagkakatatag, saka pa nagkaganito ang Iglesia? Ito ang malinaw na kasagutan kung bakit nagkakaganito ang Iglesia, **may bilin o pasiya si Ka Erdy na hindi sinunod o hindi isinakatuparan kundi sadyang winalang halaga ng kasalukuyang “Namamahala.”**

Itanong natin sa mga kapatid, lalo na sa panig ng mga ministro na nanggagalaiti sa galit laban sa mga itiniwalag ng kasalukuyang **“Pamamahala,”** sila ba talaga ang ugat na dahilan ng malalaking suliraning bumabalot sa Iglesia ngayon, kaya sila ang dapat pagbuntunan ng sisi? Sila ba talaga ang hindi napasakop sa halip ay lumaban pa sa **“Pamamahala”**? Sila ba talaga ang sumisira sa Iglesia ngayon? Buksan natin ang ating isipan ukol sa paghahayag na ito upang maunawaan nating lahat kung bakit nagkakaganito ang Iglesia? May hihilingin tayong dalawang bagay kay Ka Eduardo na sana sa pagkakataong ito ay huwag na niyang ipagkait sa atin.

> 1. **Ipaliwanag niya sa buong Iglesia kung bakit pinawalang halaga niya ang bilin o pasiya ni Ka Erdy na pinagtibay ng General Council na isinasaad sa 2007 Amended By-Laws at 2008 Amended Articles of Incorporation ng Iglesia**.
> 2. **Sabihin niya sa buong Iglesia ang matibay na dahilan kung bakit karapat-dapat siyang maging Tagapamahalang Pangkalahatan ng Iglesia. Kung hindi niya mabibigyan ng angkop at katanggap-tanggap na justipikasyon ang ginawa niyang paglilihim sa Iglesia, marapat lamang na bumaba at magpaalam na siya sapagka’t hindi siya ang ating lehitimong lider.**

**Ang kailangan ng Iglesia na lider ay ang katulad ng mga nauna, ang Sugo at si Ka Erdy na matatag sa paninindigan sa pagharap sa tama, at hindi kailanman kumunsinti sa mali, lalong hindi sumama sa mga gumagawa ng mali. Nakahanda siyang isakripisyo ang kapakanang pansarili alang-alang sa kapakanan ng Iglesia**. **Ang pagpapasakop niya sa mga naunang Namahala ay hindi sinasalita lamang kundi isinasakatuparan kung ano ang itinuro at ibinilin. Hindi maaaringmaging mabuting lider ang hindi naman mabuting tagasunod.**

Mga kapatid, ibinahagi sa inyo ang kaalamang ito hindi upang kayo ay ligaligin o guluhin ang Iglesia, kundi upang buksan ang inyong pag-iisip sa isang naghuhumiyaw na kato峔tohanan na may **dilemma** ngayon sa **leadership** ang Iglesia. Bilang mga mananampalatayang kaanib sa Iglesia ni Cristo at tapat na lingkod ng Diyos, **deserved** natin na ang manguna sa atin ay isang lider na tapat sa mga kaanib, hindi mapagpakunwari, hindi nagtatakip ng mali, higit sa lahat ay tapat sa Diyos at sa Panginoong Jesucristo at lubos na gumagalang at nagpapahalaga sa Kanilang mga utos. **Di yata’t pagkatapos ng marami na nating tiniis at pinuhunan sa pagtataguyod ng ating pagka-Iglesia ni Cristo ay magdurusa pa tayo nang ganito**. Ngayong malapit na ang araw ng kagantihan, hindi ba marapat lang na mapuno ang puso’t isip natin ng pag-asa sa kapalarang malapit nang ipagkaloob ng Ama sa mga tapat Niyang lingkod.

incdefenders.org

Sa tagal ng panahong hindi naisakatuparan ang biling iyon ni Ka Erdy, sa halip ay napamahalaan tayo ng maituturing natinghindi lehitimong **“Pamamahala,”eleksiyon pa kaya ang tamang solusyon? Baka naman may iba pang bilin si Ka Erdy na tanging ang naiwang pamilya lamang niya ang nakababatid?** Kung mayroon pang iba pang mga iniwang bilin si Ka Erdy na hindi pa naisasakatuparan ay dapat na rin itong mahalaga sa Iglesia, tanggapin ng buong Iglesia, at buong pagkakaisang itaguyod. Sapat na marahil ang mahigit na anim na taon ng pag-iral ng Iglesia na walang lehitimong lider. **Deserved ng Iglesia na magkaroong muli ng tunay na lider na kasing mapagmalasakit ng Sugo at ng Ka Erdy.**

Ipagmakaawa natin sa ating Ama at sa Panginoong Jesucristo na lunasan na ang krisis na bumabalot sa Iglesia ngayon at mabalik na ito sa banal at malinis na kalagayan upang ganap nang mahanda sa nalalapit na kaligtasan. Hindi tayo nag-aalinlangan na ang Iglesia ni Cristo ay tunay na sa Diyos at sa Panginoong Jesucristo. Tumindig tayong lahat sa panig ng katotohanan upang huwag masayang at huwag mawalan ng kabuluhan ang ating kahalalan.

Ministro ng Ebanghelyo

*Ang mga kaukulang dukomento bilang patunay ay ilalabas namin sa mga susunod na artikulo para sa kabatiran ng lahat ng mga kapatid sa buong Iglesia Ni Cristo.*



City of Mandaluyong, Metro Manila

SEC R

CERTIFICATE OF FILING OF
AMENDED ARTICLES OF INCORPORAT

OW ALL PERSONS BY THESE PRESENTS:

THIS IS TO CERTIFY THAT the amended articles of in

IGLESIA NI CRISTO (CHURCH OF C

annexed, adopted by the said IGLESIA NI CRIST
RIST) (Formerly: CHURCH OF CHRIST OR IGLESIA NI
certified by the Executive Minister under oath, w
mission on this date, pursuant to the provisions of the C
ppines, Batas Pambansa Blg. 68, approved on May 1, 19
papers pertaining to said corporation.

KNOW ALL PERSONS BY THESE PRESE

THIS IS TO CERTIFY THAT the am

IGLESIA NI CRISTO (

copy annexed, adopted by the said IGLI
CHRIST) (Formerly: CHURCH OF CHRI
2008, certified by the Executive Minis
Commission on this date, pursuant to the
Philippines, Batas Pambansa Blg. 68, appr
other papers pertaining to said corporation.

IN WITNESS WHEREOF, I have he
this Commission to be affixed at Mandaluy

CHURCH COUNCIL'S CERTIFICATE

We, constituting the majority of the members of the Church Council of the IGLESIA NI CRISTO, with its Executive Minister ERAÑO G. MANALO as corporation sole, duly organized and existing by virtue of the laws of the Republic of the Philippines and with principal office at the INC Building, No. 1 Central Avenue, New Era, Quezon City, Philippines, do hereby CERTIFY that at the General Meeting of the members of the Church Council held on 25 April 2007, at the principal office of the Church with the same address above-mentioned, at which a majority of the members of the Church Council were present and voted throughout, the members of the Church Council voted and adopted that the Church's By-Laws be correspondingly amended to reflect the changes proposed, discussed and approved by the Church Council, and which changes are reflected in the copies of said By-Laws.

We further certify that the attached copies of the Second Amendment of the Iglesia ni Cristo By-Laws are true and correct copies of the Amended By-Laws.

IN WITNESS WHEREOF, We have hereunto set our hands this 25th day of April 2007, in Quezon City, Philippines.

ERAÑO G. MANALO
CTC No. 07532901
Issued on 04 January 2007 at Quezon City

EXECUTIVE MINISTER